Texas Star Network®

Paunawa sa Empleyado ukol sa mga Takdang-Pangangailangan ng Network

Mahalagang Impormasyon sa Pagkontak:

Upang maghanap ng provider, tumawag sa (800) 381-8067

Upang kontakin ang Texas Mutual Insurance Company, bumisita sa www.texasmutual.com o tumawag sa (800) 859-5995

Texas Star Network®

Impormasyon, mga Tagubilin at ang iyong mga Karapatan at mga Obligasyon

Minamahal na Empleyado:

Napili ng iyong pinagtatrabahuan ang *Texas Star Network®* upang pangasiwaan ang pangangalagang pangkalusugan (health care) at pagpapagamot na iyong matatanggap sakaling magtamo ka ng pinsala sa katawan habang nagtatrabaho. Ang *Texas Star Network®* ay isang sertipikadong workers' compensation health care network (network ng mga tagapaghatid ng pangangalagang pangkalusugan sa mga manggagawang nagtamo ng pinsala sa katawan). Inaprobahan ng estado ng Texas ang network na ito na maghatid ng pangangalaga para sa mga pagkapinsala sa katawan kaugnay ng pagtatrabaho. Kabilang sa programang ito ang isang network ng mga tagapaghatid ng pangangalagang pangkalusugan na nagsanay sa paggagamot ng mga pinsala sa katawan kaugnay ng pagtatrabaho. Nagsanay din sila na tumulong sa mga tao na makabalik sa pagtatrabaho nang ligtas. Ang mga kasalukuyang service area (saklaw ng pagseserbisyo) ng *Texas Star Network®* ay ipinapakita sa nakalakip na mapa.

Kapag nagtamo ka ng pinsala sa katawan habang nagtatrabaho, ipagbigay-alam kaagad ito sa iyong supervisor o pinagtatrabahuan. Makakatulong sa iyo ang nakalakip na impormasyon upang maghanap ng pangangalaga para sa iyong pagkapinsala sa katawan. Tutulong rin ang iyong pinagtatrabahuan na sagutin ang anumang katanungan ukol sa kung paano makakatanggap ng pagpapagagamot sa pamamagitan ng *Texas Star Network®*. Maaari mo ring kontakin ang Texas Mutual Insurance Company para sa mga katanungan tungkol sa pangangalaga at pagpapagamot sa iyong mga pinsala sa katawan kaugnay ng pagtatrabaho. Bumuo ang Texas Mutual at ang iyong pinagtatrabahuan ng isang pangkat na magbibigay ng napapanahong pangangalagang pangkalusugan para sa mga manggagawang nagtamo ng pinsala sa katawan. Ang layunin nito ay ang matulungan kang makabalik sa pagtatrabaho sa sandaling ligtas na para sa iyo na muling magtrabaho.

Ang iyong mga Karapatan at mga Obligasyon...

<u>Pagpili ng Doktor na Maggagamot</u>

Kapag nagtamo ka ng pinsala sa katawan habang nagtatrabaho at naninirahan ka sa lugar na pinagsisilbihan ng network, kinakailangan mong pumili ng isang doktor na maggagamot mula sa listahan ng mga provider ng *Texas Star Network®*. Ito ay isang itinakdang pangangailangan para sa iyo upang mapondohan ang mga gastusin para sa pangangalaga ng iyong pagkapinsala sa katawan kaugnay ng pagtatrabaho. May listahan ng mga provider na makikita sa aming website sa www.texasmutual.com. Ito ay pinasasaraiwa nang hindi bababa sa isang beses sa bawat tatlong buwan. Tinutukoy nito ang mga provider na tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Maaari ka ding magpasyang piliin ang iyong pangkasalukuyang primary care physician mula sa health maintenance organization (HMO) bilang doktor na maggagamot sa iyo para sa iyong workers' compensation claim. Upang maaprobahan ang iyong doktor mula sa HMO na maging doktor na maggagamot sa iyo, kailangan niyang sumang-ayon sa mga tuntunin ng kontrata ng network, at sumang-ayon na sumunod sa mga umiiral na batas at regulasyon. Kapag hindi naaprobahan ang iyong doktor mula sa HMO, kailangan mong kumunsulta sa isang doktor mula sa network.

Kapag nagtamo ka ng pinsala sa katawan bago pa nakipagkontrata ang iyong kumpanya ng insurance sa network at naninirahan ka sa lugar na pinagsisilbihan, kailangan mong pumili ng doktor na maggagamot mula sa network. Maaari mo ring hilingin na ang pinili mong primary care physician mula sa HMO bago ka pa man nagtamo ng pinsala sa katawan ang siyang magiging doktor na gagamot sa iyo. Kailangan mo itong gawin sa sandaling natanggap mo ang paunawang ito.

Kapag ang doktor na maggagamot sa iyo ay umalis sa network, ipagbibigay-alam namin sa iyo ito sa pamamagitan ng liham. Magkakaroon ka ng karapatang pumili ng panibagong doktor na maggagamot mula sa listahan ng mga doktor ng network. Kapag umalis sa network ang iyong doktor at ikaw ay nasa isang malala o nakamamatay na kalagayan at ang pansamantalang paghinto ng pangangalaga sa iyo ay makakasama sa iyong kalusugan, maaaring hilingin ng iyong doktor na magpatuloy ang kaniyang paggagamot sa iyo sa loob ng karagdagang 90 araw.

Kung sa iyong palagay ay naninirahan ka sa labas ng lugar ng pinagsisilbihan, maaari kang humiling ng isang pagrepaso ng saklaw ng lugar ng pinagsisilbihan sa pamamagitan ng pagtawag sa Texas Mutual Insurance Company. Ipagbibigay-alam namin sa iyo ang aming desisyon sa loob ng 7 araw matapos na matanggap ng iyong hiling para sa pagrepaso. Kapag hindi ka sumasang-ayon sa aming pagpapasya, mayroon kang karapatang maghain ng reklamo sa Texas Department of Insurance. Kailangang kabilang sa iyong reklamo ang iyong pangalan, tirahan, numero ng telepono, isang kopya ng desisyon mula sa kumpanya ng insurance at anumang katibayan na iyong ipinadala sa Texas Mutual Insurance Company para marepaso. Makukuha ang form para sa paghahain ng reklamo sa website ng departamento sa www.tdi.state.tx.us. Maaari ka ring humingi ng form sa pamamagitan ng pagsulat sa HMO Division, Mail Code 103-6A, Texas Department of Insurance, P. O. Box 149104, Austin, Texas 78714-9104.

Habang hinihintay ang pagpapasya ng Texas Mutual Insurance Company o ang pagrepaso ng Texas Department of Insurance ng iyong reklamo, maaari ka munang tumanggap ng pangangalagang pangkalusugan sa labas ng network. Maaaring kailanganin mong bayaran ang mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na natanggap mo mula sa labas ng network, at kung sa wakas ay napagpasyahan na ikaw nga ay naninirahan sa loob ng saklaw ng lugar ng pinagsisilbihan ng network.

Pagpapalit ng Doktor

Kapag hindi ka nasiyahan sa nauna mong piniling doktor na maggagamot sa iyo, maaari kang pumili ng kapalit na doktor mula sa listahan ng mga doktor ng network sa loob ng service area kung saan ka naninirahan. Hindi ipagkakait ng *Texas Star Network®* na pumili ng isang kapalit

na doktor na maggagamot. Bago ka makapagpalit ng doktor sa pangalawang pagkakataon, kailangan mong humingi ng pahintulot mula sa *Texas Star Network®*.

Mga Pagsangguni

Hindi mo na kailangang kumuha ng pagsangguni kung ikaw ay agarang nangangailangan sa iyong kondisyong pangkalusugan. Lahat ng serbisyong pagkalinga sa kalusugan na iyong hilingin ay ibibibgay ng grupo sa wastong oras ng pangangailangan kung iyon ang kinakailangan ng iyong medical na kondisyon. Kabilang na dito ang mga pagsangguni. Lahat ng serbisyong pagkalinga sa kalusugan, kabilang ang mga pagsangguni, ay maaaring makuha nang hindi lalampas ng 21 araw matapos ang iyong kahilingan.

Pagbabayad sa Pangangalagang Pangkalusugan

Nagkasundo ang mga doktor sa loob ng network na singilin mula sa Texas Mutual Insurance Company ang bayad para sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Hindi ka nila sisingilin. Kapag nakatanggap ka ng pangangalagang pangkalusugan mula sa isang doktor na hindi kabilang sa loob ng network nang walang paunang pahintulot mula sa *Texas Star Network®*, maaaring kailanganin mong bayaran ang mga gastusin para sa pangangalagang iyon. Maaari ka lamang makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan sa labas ng network at makatanggap pa rin ng pagpipinansya para sa iyong mga gastusing pangmedikal kung maganap ang isa sa mga sumusunod na sitwasyon.

- Kinakailangan ang agarang pangangalaga. Kinakailangan mong pumunta sa pinakamalapit na ospital o pasilidad na nagbibigay ng agarang pangangalaga.
- Hindi ka naninirahan sa loob ng lugar na pinagsisilbihan ng *Texas Star Network®*.
- Isinangguni ka ng doktor na naggagamot sa iyo sa isang provider o pasilidad na nasa labas ng network. Ang referral na ito ay kinakailangang maaprobahan ng *Texas Star Network®*.
- Pinili mo ang iyong primary care physician mula sa HMO na siyang maging doktor na maggagamot sa iyo. Kinakailangang sumang-ayon ang iyong doktor na sumunod sa kontrata ng network at sa mga umiiral na batas.

Mga Reklamo

May karapatan kang maghain ng reklamo sa *Texas Star Network®*. Maaari mong gawin ito kung hindi ka nasisiyahan sa anumang aspeto ng mga operasyon ng network. Kabilang dito ang mga reklamo ukol sa mga doktor sa loob ng network. Maaari rin ito maging isang pangkalahatang reklamo ukol sa *Texas Star Network®*.

Maaaring ipabatid sa *Texas Star Network®* Grievance Coordinator ang isang reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpapadala ng sulat o fax. Kailangang ipadala ang mga reklamo sa:

Texas Star Network®
Attention: Grievance Coordinator
3200 Highland Avenue
Downers Grove, IL 60515

Telepono: (800) 262-6122
Fax: (800) 737-2077
E-mail: grievance_coordinator@cvty.com

Kailangang ihain ang reklamo sa network grievance coordinator sa loob ng 90 araw mula sa petsa kung kailan naganap ang isyu.

Hindi pinahihintulutan ng batas ng Texas ang *Texas Star Network*® na gumanti sa iyo kapag naghain ka ng reklamo laban sa network. Hindi rin maaaring gumanti ang *Texas Star Network*® kapag nag-apela ka laban sa desisyon ng network. Hindi pinahihintulutan ng batas ng Texas ang *Texas Star Network*® na gumanti sa doktor na naggagamot sa iyo kapag naghain siya ng reklamo laban sa network o kung nag-apela siya para sa iyo laban sa desisyon ng network. May karapatan kang maghain ng reklamo sa Texas Department of Insurance. Makukuha ang form para sa paghahain ng reklamo sa website ng Texas Department of Insurance sa www.tdi.state.tx.us o maaari ka ring humingi ng form sa pamamagitan ng pagsulat sa:

HMO Division, Mail Code 103-6A,
Texas Department of Insurance,
P. O. Box 149104, Austin, Texas 78714-9104.

Ano ang dapat gawin sakaling magtamo ka ng pinsala sa katawan habang nagtatrabaho...
Kapag nagtamo ka ng pinsala sa katawan habang nagtatrabaho, ipagbigay-alam kaagad ito sa iyong pinagtatrabahuan. Maaaring mayroong listahan ang iyong pinagtatrabahuan ng mga doktor ng network na nasa loob ng lugar na pinagsisilbihan na nakakasakop sa iyo. Makikita ang kumpletong listahan ng mga doktor ng network sa www.texasmutual.com. O, maaari mo kaming direktang kontakin sa mga sumusunod na address at/o toll-free na numero ng telepono:

Texas Star Network®
720 Cool Springs Boulevard
Suite 300
Franklin, TN 37067
(800) 381-8067

Tutulungan ka naming makapagtakda ng pakikipagtagpo sa isang doktor ng network.

Sa kaso ng isang emergency…
Kung ikaw ay nagtamo ng pinsala sa katawan habang nagtatrabaho at ito ay maaari mong ikamatay, kailangan kang madala sa pinakamalapit na emergency room. Kung ikaw ay nagtamo ng pinsala sa katawan habang nagtatrabaho nang lampas sa regular na oras ng pagtatrabaho o habang nagtatrabaho sa labas ng iyong service area, kailangan kang madala sa pinakamalapit na pasilidad na nagbibigay ng agarang pangangalaga.

Matapos mong makatanggap ng agarang pangangalaga, maaaring kailanganin mong sumailalim sa patuloy na pangangalaga. Kakailanganin mong pumili ng isang doktor na maggagamot sa iyo mula sa listahan ng mga provider ng network. Makikita ang listahang ito sa www.texasmutual.com. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa (800) 381-8067 o kontakin ang iyong pinagtatrabahuan para sa isang listahan. Pangangasiwaan ng doktor na iyong napili ang pangangalagang matatanggap mo para sa iyong pagkapinsala sa katawan kaugnay ng pagtatrabaho. Maliban sa agarang pangangalaga, sa doktor na naggagamot sa iyo ka lamang maaaring makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan at mga referral sa isang espesyalista.

Hindi nangangailangan ng paunang pahintulot ang pagtanggap ng agarang pangangalaga.
Ang "Medikal na emergency" ay itinakda ng batas ng Texas. Ito ay isang medikal na kalagayan na naganap nang biglaan. May mga malalalang sintoma na sapat nang maging dahilan para sa isang makatwirang tao upang maniwala na kailangan mo ng agarang pangangalaga dahil maaaring makasama ito para sa iyo. Kabilang dito ang masamang epekto sa iyong kalusugan o panganib laban sa mga pag-gana ng iyong katawan o kawalan ng pag-gana ng anumang organ o bahagi ng katawan.

Di-agarang pangangalaga…
Agad na isumbong sa iyong pinagtatrabahuan ang iyong pagkapinsala sa katawan. Pumili ng isang doktor na maggagamot mula sa listahan ng mga provider ng network. Makikita ang listahang ito sa www.texasmutual.com. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa (800) 381-8067 o kontakin ang iyong pinagtatrabahuan para sa isang listahan.

Maaaring mangailangan ng paunang pahintulot ang paggagamot na ibibigay sa iyo ng iyong doktor. Ikaw o ang iyong doktor ay kinakailangang humingi ng pahintulot mula sa Texas Mutual Insurance Company para sa isang partikular na paggagamot o serbisyo bago maibigay ang paggagamot o serbisyong ito. Maaaring patuloy kang mangailangan ng paggagamot matapos maibigay ang naunang pinahintulutang paggagamot. Halimbawa, maaaring kailanganin mong manatili sa ospital nang mga ilan pang araw na mas matagal kaysa sa naunang ipinahintulot Sa gayon, kailangan ng paunang pahintulot ang karagdagang paggagamot na matatanggap.

Listahan ng Preauth (o Paunang Pahintulot) ng Network (may bisa sa 6/1/09):

Ospital/ASC

- Lahat ng ospital na hindi pang-emergency o mga pagtanggap na ASC (pasyenteng namamalagi sa ospital, pasyenteng hindi namamalagi sa ospital, at obserbasyon) kabilang ang mga pamamaraang itinakda ng panuntunan at tagal ng pamamalagi. Dapat na kabilang sa hiling na paunang pahintulot ang partikular na gagamiting kagamitan, mga naitatanim, panlabas na sistema ng paghahatid, atbp.
-

Operasyon/Mga Pamamaraan/Integral Mga Aparato

- Lahat ng operasyong hindi pang-emergency na kinakatawan ng mga code na 10010-69990 ng AMA CPT at/o mga G code na kumakatawan sa isang pamamaraan ng operasyon na isinagawa sa isang kaayusan o lugar ng serbisyo na iba kaysa tanggapan ng doktor [POS 11]. Dapat na kabilang sa hiling na paunang pahintulot ang partikular na gagamiting kagamitan, mga naitatanim, panlabas na sistema ng paghahatid, atbp.
- Lahat ng Pag-iiniksiyon ng Botox
- Lahat ng Pag-iiniksiyon sa gulugod (kasama ngunit hindi limitado sa):
  - *Pag-iiniksiyon ng Steroid na Epidural
  - *RFTC o Cryotherapy/Cryoblation
  - *Pag-iiniksiyon sa Sugpungang Sacral Iliac
  - *Pag-iiniksiyon sa Bilugang Bahagi ng Buto
  - *Hadlang sa Medikal na Sangay
- Mga Pag-iiniksiyon sa Trigger Point (kinakatawan ng AMA CPT 20553)
- Mga Pampasigla ng Pagtubo ng Buto
- Mga Discogram
- Naitatanim na Sistema ng Paghahatid ng Droga
- Mga pamamaraan o mga aparatong pang-imbestigasyon o pang-eksperimento na itinakda ng ODG o nakalista bilang isang AMA Category III Code.
- Mga Aparatong Pampasigla (kabilang, ngunit hindi limitado sa):
  - *Mga Yunit ng TENS
  - *Mga Yunit na Interferential
  - *Mga Pampasiglang Neuromuscular
  - *Mga Yunit na Dalawahan
  - *Pampasigla ng Gulugod
  - *Pampasigla ng Peripheral Nerve
  - *Pampasigla ng Utak

Mga Medikal na Pagsusuri

- Lahat ng Inisyal at Inuulit na MRI at CT Scan
- Mga Scan sa Density ng Buto
- Maliban lang kung sa ibang dako'y tinukoy sa listahang ito, lahat ng pag-aaral ng inuulit na indibidwal na medikal na pagsusuri (serye) na mayroong halagang babayarin na mas higit kaysa $350.
- Surface Electromyography (EMG)

Iba pa

- Matibay na Kagamitang Medikal o Durable Medical Equipment (DME), Mga Prosthetic at/o Orthotic, mas higit kaysa $500.00 babayarin (binili o naipong renta o kumbinasyon ng renta/binili).
- Mga Kasapian sa Gym

Alternatibong Paggamot (kasama, ngunit hindi limitado sa):

- Acupuncture sa labas ng ODG
- Accupressure
- Yoga

Mga Programa sa Rehab (kabilang, ngunit hindi limitado sa):

- Pagkukundisyon sa Trabaho
- Pagpapatigas sa Trabaho
- Programa sa Pamamahala ng Hindi Nawawalang Pananakit
- Medikal na Rehabilitasyon
- Rehabilitasyon ng Utak at Gulugod
- Mga Programa sa Pagkakalulong sa Kemikal
- Mga Programa sa Pagbabawas ng Timbang

Tahanang Pangalagaan (kabilang, ngunit hindi limitado sa):

- Dalubhasang pasilidad sa pangangalaga, kasama ang dalubhasang pangangalaga sa loob ng parehong pasilidad.
- Pangangalagang Nagpapagaling
- Pangangalagang Pantahanan
- Inaalalayang Pamumuhay
- Mga Tahanang Panggrupo

Pisikal na Medisina

- Mga Naiipong Paggamot na Chiropractic (kasama ang mga manipulasyon at pagbisita sa tanggapan) na mahigit kaysa 14 na pagbisita at/o mahigit kaysa 10 linggo mula sa petsa ng pinsala.
- Mga Manipulasyon sa ilalim ng Anesthesia o Manipulations under Anesthesia (MUA)
- Naiipong Pisikal na Therapy/Pang-okupasyon na Therapy na mas higit kaysa 14 na pagbisita at/o mas higit kaysa 10 linggo mula sa petsa ng pinsala.
- Biofeedback

Psychological at/o Psychotherapy (kabilang ngunit hindi limitado sa):

- Mga Kasunod na Pagtatasa
- Mga Kasunod na Pagsubok o Pagsusubok
- Lahat ng Therapy
- Lahat ng Biofeedback

Ang numerong tatawagan para hilingin ang isa sa mga paggamot na ito ay (888) 532-5246 o magpadala ng fax sa (800) 852-1805. Kapag hindi maipagkakaloob ang paggagamot o serbisyo, ipagbibigay-alam namin ito sa iyo sa pamamagitan ng liham. Mababasa sa paunawang ito ang lahat ng impormasyon ukol sa iyong karapatan na humiling ng muling-pagturing o mag-apela laban sa hindi ipinagkaloob na paggagamot. Mababasa mo rin dito ang tungkol sa iyong karapatang humiling ng pagrerepaso mula sa isang Independent Review Organization sa pamamagitan ng Texas Department of Insurance

Mapa ng Lugar na Pinagsisilbihan ng *Texas Star Network*® (Mula 02/2008)



Maaaring magbago ang mga lugar na pinagsisilbihan ng network

Lugar na Pinagsisilbihan ng *Texas Star Network*® (Mula 02/2008)
Maaaring magbago ang mga lugar na pinagsisilbihan ng network

ANDERSON	CRANE	HASKELL	MARION	SAN AUGUSTINE
ANDREWS	CROSBY	HAYS	MARTIN	SAN JACINTO
ANGELINA	DALLAM	HEMPHILL	MASON	SAN PATRICIO
ARANSAS	DALLAS	HENDERSON	MATAGORDA	SAN SABA
ARCHER	DAWSON	HIDALGO	MCCULLOCH	SCHLEICHER
ARMSTRONG	DEAF SMITH	HILL	MCLENNAN	SCURRY
ATASCOSA	DELTA	HOCKLEY	MCMULLEN	SHACKELFORD
AUSTIN	DENTON	HOOD	MEDINA	SHELBY
BAILEY	DEWITT	HOPKINS	MENARD	SHERMAN
BANDERA	DICKENS	HOUSTON	MIDLAND	SMITH
BASTROP	DONLEY	HOWARD	MILAM	SOMERVELL
BAYLOR	DUVAL	HUDSPETH	MILLS	STARR
BEE	EASTLAND	HUNT	MITCHELL	STEPHENS
BELL	ECTOR	HUTCHINSON	MONTAGUE	STERLING
BEXAR	EL PASO	IRION	MONTGOMERY	STONEWALL
BLANCO	ELLIS	JACK	MOORE	SWISHER
BORDEN	ERATH	JACKSON	MORRIS	TARRANT
BOSQUE	FALLS	JASPER	MOTLEY	TAYLOR
BOWIE	FANNIN	JEFFERSON	NACOGDOCHES	TERRY
BRAZORIA	FAYETTE	JIM HOGG	NAVARRO	THROCKMORTON
BRAZOS	FISHER	JIM WELLS	NEWTON	TITUS
BRISCOE	FLOYD	JOHNSON	NOLAN	TOM GREEN
BROOKS	FORT BEND	JONES	NUECES	TRAVIS
BROWN	FRANKLIN	KARNES	OCHILTREE	TRINITY
BURLESON	FREESTONE	KAUFMAN	OLDHAM	TYLER
BURNET	FRIO	KENDALL	ORANGE	UPSHUR
CALDWELL	GAINES	KENEDY	PALO PINTO	UPTON
CALHOUN	GALVESTON	KENT	PANOLA	UVALDE
CALLAHAN	GARZA	KERR	PARKER	VAN ZANDT
CAMERON	GILLESPIE	KIMBLE	PARMER	VICTORIA
CAMP	GLASSCOCK	KLEBERG	PECOS	WALKER
CARSON	GOLIAD	LAMAR	POLK	WALLER
CASS	GONZALES	LAMB	POTTER	WARD
CASTRO	GRAY	LAMPASAS	RAINS	WASHINGTON
CHAMBERS	GRAYSON	LAVACA	RANDALL	WEBB
CHEROKEE	GREGG	LEE	REAGAN	WHARTON
CLAY	GRIMES	LEON	REAL	WICHITA
COCHRAN	GUADALUPE	LIBERTY	RED RIVER	WILBARGER
COKE	HALE	LIMESTONE	REEVES	WILLACY
COLEMAN	HALL	LIPSCOMB	REFUGIO	WILLIAMSON
COLLIN	HAMILTON	LIVE OAK	ROBERTS	WILSON
COLORADO	HANSFORD	LLANO	ROBERTSON	WINKLER
COMAL	HARDIN	LOVING	ROCKWALL	WISE
COMANCHE	HARRIS	LUBBOCK	RUNNELS	WOOD
CONCHO	HARRISON	LYNN	RUSK	YOAKUM
COOKE	HARTLEY	MADISON	SABINE	YOUNG
CORYELL				

Pagkilala ng Empleyado sa Workers' Compensation Network

Nakatanggap ako ng impormasyon na nagpapaliwanag sa akin kung paano makakakuha ng pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng workers' compensation insurance ng aking pinagtatrabahuan.

Kapag nagtamo ako ng pagkapinsala sa katawan habang nagtatrabaho at kung naninirahan ako sa loob ng isang lugar na pinagsisilbihan na tinukoy sa impormasyong ito, nababatid ko na:

1. Kailangan kong pumili ng doktor na maggagamot sa akin mula sa listahan ng mga doktor ng network. O, maaari kong hilingin sa aking primary care physician mula sa HMO na sumang-ayong maging doktor na siyang maggagamot sa akin. Kapag pinili ko ang aking primary care physician mula sa HMO na siyang maging doktor na maggagamot sa akin, tatawagan ko ang Texas Mutual sa (800) 859-5995 upang ipagbigay-alam sa kanila ang aking pasya.
2. Kailangan kong pumunta sa doktor na naggagamot sa akin para sa lahat ng pangangalagang pangkalusugan para sa aking natamong pinsala sa katawan. Kung kailangan ko ng isang espesyalista, isasangguni ako ng aking doktor. Kung kailangan ko ng agarang pangangalaga, maaari akong pumunta kahit saan.
3. Babayaran ng insurance carrier ang doktor na maggagamot sa akin at iba pang provider sa network.
4. Maaaring kailanganin kong bayaran ang mga gastusin kung kumuha ako ng pangangalagang pangkalusugan mula sa isang doktor na hindi kabilang sa loob ng network nang walang paunang pahintulot.
5. Ang pagbibigay ng mali o mapandayang workers' compensation claim ay isang krimen na maaaring magdulot ng pagmumulta at/o pagkakakulong.

_____ _____
Lagda Petsa

_____
Pangalan na isinulat sa Malalaking Titik

Tirahan: _____
Address

_____

_____
Lungsod Estado Zip Code

Pangalan ng Pinagtatrabahuan:
_____

Pangalan ng Network: *Texas Star Network®*

Maaaring magbago ang mga lugar na pinagsisilbihan ng network.
Tumawag sa (800) 381-8067 kung kailangan mo ng doktor mula sa network.

Tukuyin kung ito ay ang:

☐ Paunang Abiso sa Empleyado

☐ Abiso ng Pagkakapinsala sa Katawan
(Petsa ng Pagkakapinsala sa Katawan: ____/ __ / ____)

HUWAG ISAULI ANG FORM NA ITO SA TEXAS MUTUAL INSURANCE COMPANY HANGGA'T HINDI ITO HINIHINGI